Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-69 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-20 NG NOBYEMBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAUTUSANG PANLUNGSODBLG. 47-2023**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGLALAAN NG KAUKULANG PINANSYAL NA INSENTIBO NA IPAGKAKALOOB SA MGA MANLALARO (ATHLETES), COACHES/TRAINERS AT PWD ATHLETES NA KUMATAWAN SA LUNGSOD NG MALOLOS NA NAGWAGI AT PUMASOK SA TATLONG PINAKAMATAAS NA PWESTO SA PALIGSAHAN NA KANILANG NILAHUKAN MAGING PANGREHIYON, NASYONAL, INTERNASYONAL AT PAANYAYAHANG PALIGSAHAN.**

**Pangunahing May-Akda: Igg. MICHAEL M. AQUINO**
**Kamay-Akda: Kgg. DENNIS D. SAN DIEGO, Kgg. EMMANUEL R. SACAY**
**Kgg. PATRICK S. DELA CRUZ, Kgg. JOHN VINCENT G. VITUG III,**
**Kgg. NINO CARLO C. BAUTISTA at Kgg. VICTORINO M. ALDABA III**

**TALA NG PAGPAPALIWANAG**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Artikulo II, Seksyon 17 ng 1987 Philippine Constitution na ang Estado ay dapat magbigay ng prayoridad sa edukasyon, siyensya at teknolohiya, arts, kultura at palakasan sa pagsusulong ng kabayanihan at pagiging makabayan, upang mapataas ang kagalingang panlahat, at maisulong ang kalayaan ng bawat inidibidwal na mapaunlad ang sarili;

**SAPAGKAT,** itinatadhana rin ng Artikulo XIV, Seksyon 19 (1) ng Konstitusyon ng Pilipinas na ang Estado ay dapat na magsulong ng edukasyong pampalakasan at maghikayat ng mga programa sa palakasan, paliga, at iba pang kahalintulad nito kabilang din ang pagsasanay para sa pang internasyonal na kompetisyon upang mahubog ang disiplina sa sarili, pagkakaisa (teamwork), at magkaroon ng natatanging pag-unlad ng kalusugan at magilas na mamamayan;

**SAPAGKAT,** kahit na sa mabuting layunin ng mga nabanggit na polisya ng ating estado, walang batas na nagbibigay ng katiyakan upang masiguro ang benepisyo upang makinabang ang mga masisipag na manlalaro upang mapagtagumpayan ang pampalakasang paligsahan maging sa ibang bansa;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos, ay pangkaraniwan ng inirerepresenta ng mga kabataang manlalaro ng lungsod na nagpapamalakas ng kahusayan sa iba't ibang larangan ng palakasan, maging lokal, pang rehiyon, nasyonal at pang ibang bansang kompetisyon;

**SAPAGKAT,** ang makapag-uwi ng karangalan at katanyagan ang mga kabataan para sa Lungsod ng Malolos sa iba't ibang larangan ng palakasan ay marapat na mabigyan sila ng kaukulang pinansyal na insentibo;

**KAYA,** ang bumubuo ng Sangguaning Panlugsod ay itinatadhana, na may bisa ng batas, ang mga sumusunod, na:

**SEKSYON 1. – TITULO** - Ang Kautusang ito ay makikilala sa taguring "Kautusang Panlungsod na naglalaan ng kaukulang pinansyal na insentibo na ipagkakaloob sa mga manlalaro (athletes), coaches/trainers at pwd athletes na kumatawan sa Lungsod ng Malolos na nagwagi at pumasok sa tatlong pinakamataas na pwesto sa paligsahan na kanilang nilahukan maging pangrehiyon, nasyonal, internasyonal at paanyayahang paligsahan.

**SEKSYON 2. – SAKOP** - Ang Kautusang ito ay mahigpit na iiral sa teritoryong hurisdiksyunal ng Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 3. - KAHULUGAN NG MGA SALITA** - Ang mga sumusunod na salita ay mangangahulugan sang-ayon sa nilalaman ng Kautusang ito:

a. **Pandaigdigang Paligsahan** ***(International Competitions)*** – ang mga paligsahang isinasagawa sa labas ng bansa tulad ng Olympic Games, ASEAN Games, SEA Games, World Championship at iba pang kahalintulad ng mga nabanggit na pinagtibay ng Pamahalaang Lokal na lahukan ng mga manlalaro;
b. **Pambansang Paligsahan** ***(National Competitions)*** – ang mga paligsahang isinasagawa sa loob ng bansa na kung saan ay magkakatunggali ang mga manlalaro mula sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas, gaya ng Palarong Pambansa, Philippine National Games, National Finals, Batang Pinoy National Finals at iba pang kahalintulad ng mga nabanggit;
c. **Panlalawigang Paligsahan** ***(Regional Competitions)*** – ang mga paligsahang isinasagawa sa loob ng bansa na lalahukan mga manlalaro sa Rehiyon III gaya ng Regional Competition, Philippine Youth Games Qualifiers (Batang Pinoy Luzon), Philippine National Games Qualifiers (Luzon) nat iba pang kahalintulad ng mga nabanggit;
d. **Pang-anyayahang Paligsahan** ***(Invitational Competitions)*** – paligsahan na isinasagawa sa mga kalapit na lungsod o' probinsya na may opisyal na paanyaya sa Pamahalaang lokal at ito ay sinang-ayunan na lahukan;
e. **Manlalaro o' Atleta** - ang mga mamamayan ng Lungsod ng Malolos na nagwagi ng medalya (ginto, pilak o' tanso) sa mga paligsahang nabanggit;
f. **Tagapagsanay (Coach)** – ang mga taong rehistrado sa Sports Division Office at Department of Education na siyang luminang at naghubog sa angking kakayahan ng mga manlalaro;
g. **Pang-isahang Palaro (Individual Sports)** – ang mga paligsahang lalahukan lamang ng iisang tao;
h. **Koponang Palaro (Team Sports)** - ang mga paligsahang lalahukan ng lima o higit pang manlalaro bilang isang grupo o' samahan;
i. **Insentibo** – gantimpalang makakamit sa pamamagitan ng pera o' cash.

**SEKSYON 4. - TADHANAIN, KWALIPIKASYON AT PARAAN NG PAGKAKALOOB NG INSENTIBO.**

a. Ang mga manlalarong nagwagi na kumatawan sa Lungsod ng Malolos na nagkamit ng medalya o' karangalan sa mga iba't-ibang paligsahan na pinagtibay ng Philippine Sports Commission, National Sports Commission, National Sports Authority at ng Pamahalaang Lungsod;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. ONG
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. [illegible]
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS [illegible]. SOTO
KASANGGUNI

b. Ang mga nagwawaging manlalaro kinakailangang lehitimong residente ng Lungsod ng Malolos upang maging kwalipakado sa patanggap ng nasabing insentibo;
c. Ang mga nagwaging manlalaro na hindi lehitimong residente ng Lungsod ng Malolos, subalit kinatawan niya ang Lungsod sa mga nakasaad na patimpalak at paligsahan upang maging kwalipakado sa patanggap ng nasabing insentibo;
d. Ang mga nagwaging manlalaro at tagapagsanay ay kinakailangang makapagsumite ng orihinal o' certified true copy, litrato at iba pang kaukulang dokumento na pinatunayan ng ahensyang nagpalaro na magpapatunay na sila ay nagwagi ng ginto, pilak o tansong karangalan;
e. Ang halaga ng insentibo ay ipagkakaloob ng Pamahalaang Lungsod ay base sa nakasaad sa Seksyon 5 ng Kautusang ito;
f. Isang beses lamang maaaring tumanggap ng insentibo ang isang manlalaro/atleta sa bawat paligsahan. Ang magiging batayan ng kanyang insentibo ay ang pinakamataas lamang na medalyang nakamit sa paligsahan.

**SEKSYON 5. - ANG MGA MANLALARO O ATLETANG NAGSIPAGWAGI, GAYUNDIN DIN ANG MGA TAGAPAGSANAY AY MAKAKATANGGAP NG MGA SUMUSUNOD NA ISENTIBO:**

**A. PANDAIGDIGANG PALIGSAHAN** *(International Competition)*

PANG-ISAHAN PALARO
(Individual Sports)

**Olympic Games**
*(Tuwing ika-apat na taon nagaganap ang palaro)*

| | | |
|---|---|---|
| Gintong Medalya | - | Dalawang Daang Libong Piso (P200,000.00) |
| Pilak na Medalya | - | Isang Daan at Limampung Libong Piso (P150,000.00) |
| Tanso na Medalya | - | Isang Daang Libong Piso (P100,000.00) |

**World Championship**
*(Taunang Palaro)*

| | | |
|---|---|---|
| Gintong Medalya | - | Dalawampung Libong Piso (P20,000.00) |
| Pilak na Medalya | - | Sampung Libong Piso (P10,000.00) |
| Tanso na Medalya | - | Limang Libong Piso (P5,000.00) |

**ASEAN Games**
*(Tuwing ika-apat na taon nagaganap ang palaro)*

| | | |
|---|---|---|
| Gintong Medalya | - | Limampung Libong Piso (P50,000.00) |
| Pilak na Medalya | - | Dalawampu't Limang Libong Piso (P25,000.00) |
| Tanso na Medalya | - | Labing Limang Libong Piso (P15,000.00) |

**SEA Games**
*(Tuwing ika-apat na taon nagaganap ang palaro)*

| | | |
|---|---|---|
| Gintong Medalya | - | Limampung Libong Piso (P50,000.00) |
| Pilak na Medalya | - | Dalawampu't Limang Libong Piso (P25,000.00) |
| Tanso na Medalya | - | Labing Limang Libong Piso (P15,000.00) |

**B. PAMBANSANG PALIGSAHAN** – Taunang palaro.

1) Philippine National Games (National Finals);
2) Philippine Youth Games / Batang Pinoy (National Finals);
3) Palarong Pambansa;
4) Mga kahalintulad ng nabanggit.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. CRUZ
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**PANG-ISAHANG INSENTIBO SA MANLALARO**
(Individual Sports)

| | | |
|---|---|---|
| Gintong Medalya | - | Sampung Libong Piso (P10,000.00) |
| Pilak na Medalya | - | Pitong Libong Piso (P7,000.00) |
| Tanso na Medalya | - | Limang Libong Piso (P5,000.00) |

**C. PANLALAWIGAN NA PALIGSAHAN (Regional Competition)**

1) Philippine National Games (Luzon);
2) Philippine Youth Games/ Batrang Pinoy (Luzon);
3) Palarong Pambansa (Region 3);
4) Mga kahalintulad ng nabanggit.

**PANG-ISAHANG INSENTIBO SA MANLALARO**
*(Individual Sports)*

| | | |
|---|---|---|
| Gintong Medalya | - | Limang Libong Piso (5,000.00) |
| Pilak na Medalya | - | Tatlong Libong Piso (P3,000.00) |
| Tanso na Medalya | - | Dalawang Libong Piso (P2,000.00) |

**D. PANG-ANYAYAHANG PALIGSAHAN** (Invitational Competitions)

**PANG-ISAHANG INSENTIBO SA MANLALARO**
(Individual Sports)

| | | |
|---|---|---|
| Gintong Medalya | - | Limang Libong Piso (5,000.00) |
| Pilak na Medalya | - | Tatlong Libong Piso (P3,000.00) |
| Tanso na Medalya | - | Dalawang Libong Piso (P2,000.00) |

**E. KOPONAN NA PALARO (Team Sports)** - Ang bawat miyembro o' indibidwal ng koponan na nagrepresenta at nagwagi sa pambansang paligsahan ay magkakamit ng kasingkahalaga ng isang gantimpala ng isang indibidwal na manlalaro.

F. **INSENTIBO PARA SA MGA TAGAPAGSANAY** - Ang mga tagapagsanay (Coach) ay tatanggap ng insentibo na katumbas na halaga ng isang sa pang isahan o individual sports.

**SEKSYON 6. - PAGLALAAN NG PONDO -** Ang pondong gugugulin sa Kautusang ito ay magmumula sa General Fund - Special Activity Fund (SAF) at isasama sa Taunang badyet.

**SEKSYON 7. - ANG TANGGAPAN NG EHEKUTIBO SA PAMAMAGITAN NG SPORTS DIVISION OFFICE KATUWANG ANG PAG-ASA YOUTH ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES (PYAP)** - Malolos Chapter at ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan ng Lungsod Malolos ang siyang maghahanda ng Implementing Rules and Regulations at ang susunding pamatayan(guidelines) sang-ayon sa nilalaman ng Kautusang ito.

**SEKSYON 8. - SUGNAY NA PAGHIHIWALAY -** Ang anumang bahagi o' probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito ay maihayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' anumang bahagi o' probisyon na hindi akma ditto ay kagyat na inaalisan ng bisa o' itinuturing na may pagbabago kapag ang Kautusang ito ay ganap na pinagtibay.

**SEKSYON 9. - TADHANAIN NG PAGWAWALANG BISA -** Ang tadhanain o' mga tadhanain ng Kautusang ito ay maaaring mahahayag na hindi sumasang-ayon sa Saligang Batas o' Batas Nasyonal, ang mananatiling tadhanain ay patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 10. - KABISAAN** - Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa sandaling ito ay pagtibayin.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO** | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III** | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA** | **KGG. MICHAEL M. AQUINO** | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO** |
| KASANGGUNI | KASANGGUNI | KASANGGUNI | KASANGGUNI | KASANGGUNI |

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

---------------------------------x

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
DEC 0 5 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*11202023